INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 3, ISSUE NO. 9


# MGA GRADWADONG BATSILYER NG SEKONDARYANG EDUKASYON SA FILIPINO: ISANG TRACER STUDY

**DOI: 10.5281/zenodo.18913191**

**Raymond S. Tiburcio**
Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0008-1360-2533 | smitchtiburcio077@gmail.com

**Elchie Mae F. Sollano**
Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0002-5344-6789 | elchiesollano@gmail.com

**Jella Marie A. Vallejo**
Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0005-9868-2701 | vjellamarie@gmail.com

**Dawn Fatima Besabella**
Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0000-3687-3936 | bdawnfatima18@gmail.com

**Myra O. Bughao**
Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0007-3760-8166 | Bughaomyra23@gmail.com

**Abstrak:**

Ang pag-aaral na ito ay itatalakay ang kinalabasan ng pananaliksik tungkol sa Mga Gradwadong Batsilyer Ng Sekondaryang Edukasyon Sa Filipino: Isang Tracer Study ng Mandaue City College taong 2018 hanggang 2022. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang alamin kung sa loob ng limang taon ay nakapagtrabaho ba ang mga estudyante na Filipino medyor na nakalinya sa kanilang midyor o pumasok sa ibang klase ng trabaho. Inaalam din ng pananaliksik na ito kung nagamit ba ng mga nakapagtapos ang kanilang napag-aralan at nakatulong ba ito sa trabaho na mayroon sila ngayon. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng deskriptibong pagsusuri na disenyo, upang gamitin bilang sa pangangalap ng resulta. Pinagtibay ang talatanungan na ginamit dahil paggamit ng mga mananaliksik ng Standardized Questionnaire mula sa Commission on Higher Education (CHED) tracer study. Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nagpapakita na ang karamihan ng mga respondente ay nakalinya sa kurso nila ang unang napiling trabaho, ang ilan ay nagpatuloy sa pag-aaral upang pagtibayin ang kanilang posisyon sa napiling trabaho. Nakitaan rin na hindi lahat ng mga respondente ay madaling hagilapin kahit na may alumni sa paaralan, kaya naman gustong irekomenda ng mananaliksik na gawin itong prioridad upang sa mga susunod na mananaliksik ay madali nilang mahanap o makausap ang mga respondente kung maprioridad ang paggawa ng linya o mas mapatibay ang organisasyon ng alumni ng paaralan.

Keywords: Gradwado, Batsilyer ng sekondaryang edukasyon sa filipino, Tracer study, Filipino, Employability

**Introduksyon:**

Ang pagsusuri sa estado ng mga nagtapos sa kursong Filipino ay isang mahalagang hakbang sa pag-unawa sa kalagayan ng mga estudyante na nagpasya na magpatuloy sa larangan ng wika at panitikan. Nais isagawa ng mga mananaliksik ang pag-aaral sa institusyon lalo na ang kumuha ng medyor na Filipino sa kursong Batsilyer sa Edukasyon sapagkat ang pag-aaral na ito ay hindi pa naisasagawa. Ang pag-aaral ng tracer ay isang napakahalagang gamit sa pagpapanatili at pagpapahusay ng kakayahang ipinagbibili ng mga programang pang-edukasyon (Woya, 2019).

Ang graduation survey, minsan kilala bilang isang tracer study, ay isang tipikal na questionnaire na ibinibigay sa mga alumni ng mga pasilidad sa edukasyon, na nangyari pagkatapos makumpleto ang programa ng pagsasanay o pagkatapos ng graduation. Sa pamamagitan ng mga pamantasan at kolehiyo, para matiyak ang kakayahang makapagtrabaho ang mga alumni at ang koneksyon sa pagitan ng mga programang pang-akademiko at mga inaasahan ng mga taga sahod sa mga manggagawa, inatasan ng CHED ang mga unibersidad at kolehiyo na magsagawa ng Graduate Tracer Studies (Menez, 2014). Ang Graduate Tracer Study ay ginagamit ng mga institusyon upang matiyak na ang mga nagtapos ay handa at kayang hawakan ang mga pangangailangan ng mga manggagawa at lipunan.

Matapos ang apat na taong pag-aaral sa kursong edukasyon sa larangan ng Filipino, nais mabatid sa pag-aaral kung ginamit nga ba ng mga nagtapos ang kanilang kurso sa kanilang trabaho o ibang karera ang kanilang pinili. Ibig ding tuklasin ng mga mananaliksik kung asignaturang Filipino nga ba ang pinangangasiwaan ng mga nagtapos na nagtuturo, sapagkat may ilan na nagpasyang magtrabaho sa propesyon ng engineering, habang ang karamihan ay pinili na maging technical staff sa mga call center.

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay upang malaman ang kasalukuyang katayuan o estado ng mga nagtapos na Filipino medyor. Ang mga karanasan, tagumpay, at mga potensyal na hamon na kinakaharap ng mga nagtapos matapos ang pag-aaral sa kolehiyo ang nais masilayan ng mga mananaliksik. Nais ding tunguhin sa pag-aaral na ito na matulungan ang tagapangasiwa ng institusyon na matunton ang kasalukuyang tinatahak na landas ng mga nagtapos, kung nagtuturo nga ba sila na ayon sa medyor na kinuha o ibang propesyon na ang kanilang pinili.

**Kaugnay na Literatura at Pag-aaral:**

Ang mga impormasyon ay naglalaman ng mga akademiko at propesyonal na kaalaman na maaaring magpapatibay sa pag-aaral na isinagawa ng mga mananaliksik. Ang mga literatura na nakalap ay may magandang adhikain at motibo upang madagdagan ang mga kaalaman ng mga mambabasa.

Ayon kina Reusia et al. (2020) binigyang-diin ang tracer study o graduate survey dahil ito ay isang maaasahang indicator upang igiit ang institusyong pang-edukasyon sa pagbibigay ng holistic na kalidad ng edukasyon at serbisyo. Ang mga pag-aaral ng graduate tracer ay mahahalagang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa mga nagtapos ng mga programang pang-akademiko sa Higher Education Institutions (HEIs) (Dela Cruz, 2020).Ang mga pag-aaral ni Del Rosario (2019) at Navida (2018) ay umangkop sa Graduate Tracer Study (GTS) questionnaire mula sa Commission on Higher Education ng bansa. Ang questionnaire na ito ay makakatulong sa isang tracer study. Binigyang-diin ni Gines (2014) na ang pagsubaybay sa mga galaw at landas ng karera ng mga nagtapos ay naisip na isang makapangyarihang diskarte. Ang kahalagahan ng pagsasagawa ng pag-aaral ng tracer ay magbubukas sa kaisipan ng mga mambabasa patungkol sa mga nagtapos at sa kanilang kalagayan. Ang pagtalunton sa mga nagtapos ay kinakailangan upang malaman ang kinahahantungan ng mga nakapagtapos matapos ang kanilang buhay sa kolehiyo.

Ayon kay Biscante (2019) ang mga mag-aaral sa edukasyon ng guro ay dapat na nilagyan ng kinakailangang mga kasanayan at kaalaman para makaambag sila sa tagumpay ng mga nagtapos sa pagkuha ng licensure examination na humahantong sa isang matatag at ligtas na trabaho. Ayon pa sa opisyal na resulta ng Licensure Examination for Teachers (LET) mula sa Professional Regulation Commission (PRC) sa institusyon ng Mandaue City College noong Marso 2023, kung saan anim lang ang nakapasa para sa mga repeater (42.86%) sa kursong Bachelor of Elementary Education (BEED). Samantalang siyam (9) ang nakapasa sa Bachelor of Secondary Education (BSED) para sa mga first timers na kumuha ng pagsusulit na may porsyento na 40.91, habang anim (6) ang nakapasa para sa mga repeaters na may porsyento na dalawampu't lima (25%).

Bukod pa rito, itinalaga naman sa resulta sa pag-aaral nina Abing et al. (2023) na ang pagiging abot-kaya ng pamilya ay nasa numero uno bilang pangunahing dahilan para sa kanilang pagpili ng programa at sinusundan ng impluwensya ng mga magulang at ang matinding hilig para sa propesyon sa ikalawa at ikatlong ranggo ayon sa pagkakabanggit. Ang mga kursong kinuha ng mga nagtapos ay may malawak na kontribusyon sa pagtatasa ng kanilang trabaho matapos ang kolehiyo. Ayon kay Ulanday (2021), sinusukat ng kakayahang magtrabaho ng mga nagtapos ang katuparan ng misyon, pananaw, layunin, at layunin ng Higher Education Institute (HEI). Ang tagumpay ng mga nagtapos sa pagkakaroon ng disenteng trabaho ay nagbibigay din ng kredito sa Higher Education Institute (HEI) kung saan sila

nagtapos.

Ang pagkakaroon naman ng trabaho ay isa sa mga salik na unang ginawa ng mga nagsipagtapos matapos ang pag-aaral sa kolehiyo. Ayon sa pag-aaral nina Cornillez Jr. et al. (2021) ang mga una at kasalukuyang antas ng trabaho ng mga nagtapos ay propesyonal, teknikal, o superbisor, at sila ay tinanggap sa loob ng isa (1) hanggang anim (6) na buwan ng pagtatapos. Naipakita sa resulta nito na ang mga sweldo at benepisyo ay ang nangungunang salik sa pagbabago ng unang karera sa trabaho ng mga nagtapos. Maliban nito, napagtanto ng mga nagtapos na ang lawak ng kurikulum na inaalok bilang may-katuturan, at ang pangkalahatang edukasyon at pagtuturo ng practicum learning sa bawat pook ay natagpuan na ang pinaka-kaugnay na mga lugar na may pinakamalaking kontribusyon sa kanilang trabaho.

Bukod pa rito, si Ulanday (2021) ay may resulta sa kanyang pag-aaral na kung saan mas maraming nagtapos na nagtatrabaho bilang isang tauhan ng pagtuturo. Ayon sa mga natuklasan, ang mayorya ng mga nagtapos ay nakikibahagi sa mga trabahong nauugnay sa kanilang kurso ng pag-aaral. Ang natitirang mga nagtapos ay nagtatrabaho sa mga posisyon na hindi nagtuturo habang kinukumpleto ang propesyonal na lisensya na kinakailangan upang magturo sa isang pampublikong paaralan at ilang pribadong institusyon. Binanggit naman sa pag-aaral ni Abas et al. (2020) na maaaring dahil sa kanilang pagnanais na kumita; samakatuwid, tinanggap nila ang trabaho, kahit na ito ay walang kaugnayan sa kanilang paghahanda sa kolehiyo.

Ang mga kaugnay na literatura na nalikom ay naglalaman ng iba't ibang estado ng mga nagtapos sa iba't ibang institusyon kung saan ang mga ito ay angkop sa isinasagawang pag-aaral. Bukod pa riyan, ang mga detalye nito ay mahalaga at sumusuporta sa pananaliksik, sapagkat ito ay may mga impormasyon o datos na nagpapatibay at mayroong kaugnayan sa isinagawang pag-aaral. Sa kabuuan, ito ay tumutukoy sa bahagi ng impormasyon na makakatulong sa mga mambabasa upang mas maging malinaw sa kanila ang kabuuan ng pananaliksik na ito. Binibigyang halaga sa literatura nito ang mga posibleng estado ng mga nagtapos. Inilahad sa mga nalikom na impormasyon kung ilang buwan ba ang nakakalipas bago sila nakapag hanap ng trabaho, binigyang pansin din ang kanilang mga sweldo at kadalasan sa kanila ay hindi angkop ang kinuhang trabaho sa kanilang natapos na kurso sa kolehiyo, ang iba rin ay walang trabaho. Ang lahat na nakalap na mga impormasyon ay nagpapatunay upang mas maging epektibo ang ginawang pag-aaral ng mga mananaliksik. Matibay ang pag-aaral na ito dahil ang mga impormasyon ay naging basehan sa mas epektibo na resulta ng pananaliksik. Ito rin ay naging gabay ng mga mananaliksik upang mas maunawaan at maging malawak ang kanilang kaalaman sa isinagawang pag-aaral.

**Metodolohiya:**

Ang pananaliksik ay gumagamit ng descriptive quantitative design. Ang talatanungan na ginamit ay galing sa Commission on Higher Education (CHED), isinalin sa lenggwahe ng mga tagatugon para mas maintindihan nila ang mga sumunod na katanungan. Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral sa kolehiyo ng Mandaue City College na nakapagtapos sa taong 2018-2022 limang (5) taon ang lumipas. Para sa pag-aaral na ito, gagamit ang mananaliksik ng random sampling at stratified sampling. Ipapakita rito kung ilan ang magiging respondente sa taong 2018-2019, 2019-2020, 2020-2021, at 2021-2022, ang kailangan na makuhang datos ay dapat umabot sa 40 na respondante para mabuo at makumpleto ang pananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng standardized na talatanungan gamit ng Commission on Higher Education (CHED) Graduate Tracer Survey (GTS) Questionnaire. Ang mga mananaliksik ay inayos ang nakuhang detalye sa mga respondente, gamit ang excel at sa tulong ng stratified sampling, multiple response, at frequency ay napadali ang paglipon ng mga datos na kinailangan para makuha ng maayos ang kailangang tugon na kailangan sa pananaliksik. Gumamit din ang mga mananaliksik ng multiple-response na mga tanong, sa katunayan, isang serye ng mga sagot at, sa gayon, ay karaniwang naka-imbak bilang isang serye ng mga variable. Maaring maiba ang datos depende sa mga gagawing pagsagot ng mga respondente dahil sa ginamit na paraan ng pagsusuri ng datos na multiple-response.

**Resulta at Diskusyon:**

Ang bahaging ito ay naglalaman ng resulta, diskusyon at interpretasyon ng mga datos na nakalap sa standardized na talatanungan mula sa Commission on Higher Education (CHED).

**Part 1: Propayl na demograpiko ng mga respondente**

| Katayuang sibil | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| • Walang asawa | 27 | 69.2% |
| • May asawa | 11 | 28.2% |
| • Solong magulang | 1 | 2.6% |
| **Sekswalidad** | | |
| • Lalaki | 7 | 17.9% |
| • Babae | 32 | 82.1% |
| **Rehiyong pinagmulan** | | |
| Rehiyon 6 | 1 | 2.6% |
| Lalawigan | | |
| • Negros Occidental | 1 | 2.6% |
| Rehiyon 7 | 33 | 84.6% |
| Lalawigan | | |
| • Bohol | 2 | 5.1% |
| • Cebu | 30 | 76.9% |
| • Negros Oriental | 1 | 2.6% |
| Rehiyon 8 | 3 | 7.7% |
| Lalawigan | | |
| • Leyte | 3 | 7.7% |
| Area 10 | 1 | 2.6% |
| Lalawigan | | |
| • Camiguin | 1 | 2.6% |
| CARAGA | 1 | 2.6% |
| Lalawigan | | |
| • Agusan del Sur | 1 | 2.6% |
| **Lokasyon ng tirahan** | | |
| • Syudad | 25 | 64.1% |
| • Munisipyo | 14 | 35.9% |

Ang bahaging ito ay sisiyasatin ang impormasyong demograpiko ng mga tagatugon batay sa katayuang sibil, sekswalidad at paninirahan upang masuri at matukoy ng mas malalim ang tungkol sa kanilang konteksto at posibleng implikasyon sa pag-aaral na ito.

Ipinapakita sa talahanayan na mas maraming babae ang nakapagtapos kaysa sa lalaki kaya mas maraming babae rin ang tumugon. Ipinapakita rin na karamihan sa kanila ay single at halos lahat ay nakatira sa rehiyon 7. Ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Sicadsicad et al. (2022) at Salendab at Sanchez (2023), isinasaad sa kanilang pag-aaral na karamihan sa mga nakapagtapos ay single at nakatira sa rehiyon 7.

**Part 2: Pagsubaybay sa edukasyon ng mga Tagatugon**

Sa bahaging ito, ay tatalakayin ang pagsubaybay sa edukasyon ng mga tagatugon. Ang nilalaman ay ang taon kung kailan nagtapos, mga parangal at gantimpala na natanggap, ang naipasa na propesyonal na eksaminasyon. Makikita rin ang pangalan ng eksaminasyon, petsa, marka at rason sa pagkuha ng programa sa edukasyon ng guro at pagpapatuloy ng degree.

**Talahanayan 2: Taong Nagtapos**

| Taong Nagtapos | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| 2021-2022 | 14 | 35.9% |
| 2019-2020 | 8 | 20.5% |
| 2018-2019 | 8 | 20.5% |
| 2017-2018 | 9 | 23.1% |
| Kabuuan | 39 | 100% |

Maraming nakapagpatapos sa taong 2022 ang tumugon sa pag-aaral na ito dahil hindi gaanong matagal sila

nakapagtapos ay madali lamang silang mahagilap. Sa taong 2021 naman ay walang tugon galing dito sa gayong Diploma of Professional Education (DPE) lamang ang mga nakapagtapos at walang Bachelor's degree. Sa taong 2020, 2019 at 2018 naman ay halos magkatulad ang bilang ng tumugon sa kadahilanang ang pagtunton sa kanila ay pahirapan. Sa kabuuan ay tatlumpo't siyam (39) lamang ang mga tumugon.

Tumaas ang nagsipagtapos sa Batsilyer ng Edukasyon sa Filipino dahil sa libreng matrikula. Hindi umabot ng apatnapu (40) ang tumugon dahil hindi maayos ang organisasyon ng alumni, maraming beses na lumapit ang mga mananaliksik sa nasabing organisasyon ngunit walang tugon na natanggap galing sa kanila.

**Talahanayan 3: Mga parangal at gantimpala na natanggap**

| Mga parangal at gantimpala na natanggap | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Academic Excellence | 1 | 2.6% |
| Cum Laude | 4 | 10.2% |
| Lakambini Award | 1 | 2.6% |
| Service Award | 1 | 2.6% |
| None | 32 | 82.1% |
| Kabuuan | 39 | 100% |

Inilalahad sa itaas na talahanayan na marami sa mga tagatugon 32 (82.1%), ang hindi nakatanggap ng parangal o gantimpala nang sila ay magtapos sa kolehiyo. Ito ay salungat sa resulta ng pag-aaral nina Salendab at Sanchez (2023), na karamihan sa mga nakatapagtapos ay mahusay sa mga akademiko at di-pang-akademikong gawain. Ipinapahiwatig din nila sa kanilang pag-aaral na ang mga ahensya ng gobyerno ay sinusuportahan, tinutulungan ang mga mahihirap at karapat-dapat na mga mag-aaral.

Ito ay maiuugnay sa pag-aaral ni Amanonce et al. (2020), na kung saan ay sinusuportahan ng gobyerno ang iba't ibang edukasyon mga reporma at mekanismo na ipinatupad kapwa sa pangunahing edukasyon at mga institusyong mas mataas na edukasyon upang matiyak ang kalidad ng edukasyong iniaalok sa mga mag-aaral na Pilipino.

**Talahanayan 4: Ang naipasa na propesyonal na eksaminasyon**

| Marka sa Licensure Examination for Teachers (LET) | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| 87 and above | 2 | 5.1% |
| 84-86 | 6 | 15.4% |
| 81-83 | 6 | 15.4% |
| 78-80 | 7 | 18.0% |
| 75-77 | 5 | 12.8% |
| Mas Piniling Hindi Sabihin | 3 | 7.7% |
| Wala | 10 | 25.6% |
| Kabuuan | 39 | 100% |

Ang talahanayan sa itaas ay nagpapakita na marami sa mga tagatugon (29) ang nakapasa sa Licensure Examination for Teachers (LET). Nangangahulugan na mabisa ang kurikulum at pagtuturo sa mga mag-aaral na nagtapos sa Batsilyer sa Edukasyong Filipino. Ipinapakita rito ang kanilang mga rating sa eksaminasyon na may dalawa (5.1%) ang nakakuha ng 87 pataas, parehong anim (15.4%) naman ang may resulta na 84-86 at 81-83 na rating, pito (18.0%) ang

may 78- 80 na rating, samantalang lima (12.8%) naman ang nakakuha ng 75-77.

Ito ay magkatulad sa resulta sa pag-aaral nina Salendab at Sanchez (2023) na marami ang matagumpay na nakapasa sa Licensure Examination for Teachers (LET). Tatlo sa mga tagatugon (7.7%) ang mas piniling hindi sabihin ang kanilang eksaminasyon na kinuha at mga rating nito. Sampu (25.6%) naman ang hindi pa nag-take ng Licensure Examination for Teachers.

**Talahanayan 5: Mga rason sa pagkuha ng programa sa edukasyon ng guro at pagpapatuloy ng degree**

| Mga rason sa pagkuha ng programa sa edukasyon | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Undergraduate sa Bachelor/AB/BS | | |
| • Mataas na grado sa kurso o paksa ng kurso mismo | 16 | 9.1% |
| • Magandang grado sa hayskul | 16 | 9.1% |
| • Impluwensiya ng mga magulang at mga kamag-anak | 14 | 8.0% |
| • Impluwensiya ng mga kaibigan | 9 | 5.1% |
| • Naging inspirasyon ang isang huwaran o modelo | 16 | 9.1% |
| • Matinding hilig para sa propesyon | 16 | 9.1% |
| • Pag-asam para sa agarang trabaho | 13 | 7.4% |
| • Katayuan o prestihiyo ng propesyon | 8 | 4.5% |
| • Pagkakaroon ng alok na kurso sa napiling institusyon | 12 | 6.8% |
| • Pag-asam ng pagsulong sa karera | 12 | 6.8% |
| • Abot-kaya para sa pamilya | 20 | 11.4% |
| • Pag-asam para sa kahali-halinang bayad | 7 | 4.0% |
| • Pagkakataon para sa trabaho sa ibang bansa | 11 | 6.3% |
| • Walang partikular na pagpipilian o walang mas magandang ideya | 6 | 3.4% |
| Graduate/MS/MA/PhD | | |
| • Mataas na grado sa kurso o paksa ng kurso mismo | 4 | 7.5% |
| • Magandang grado sa hayskul | 4 | 7.5% |
| • Impluwensiya ng mga magulang at mga kamag-anak | 2 | 3.8% |
| • Impluwensiya ng mga kaibigan | 3 | 5.7% |
| • Naging inspirasyon ang isang huwaran o modelo | 4 | 7.5% |
| • Matinding hilig para sa propesyon | 5 | 9.4% |
| • Pag-asam para sa agarang trabaho | 4 | 7.5% |
| • Katayuan o prestihiyo ng propesyon | 5 | 9.4% |
| • Pagkakaroon ng alok na kurso sa napiling institusyon | 3 | 5.7% |
| • Pag-asam ng pagsulong sa karera | 5 | 9.4% |
| • Abot-kaya para sa pamilya | 3 | 5.7% |
| • Pag-asam para sa kahali-halinang bayad | 5 | 9.4% |
| • Pagkakataon para sa trabaho sa ibang bansa | 4 | 7.5% |
| • Walang partikular na pagpipilian o walang mas magandang ideya | 2 | 3.8% |

**Multiple Response*

Isinasaad sa talahanayan sa itaas na kaya programa sa edukasyon ng guro ang kinuha, 20 (11.4%) ay dahil ito ay mura para sa kanilang pamilya. Ito ay sinusuportahan sa pag-aaral nina Reusia, D.H et al. na ang pangunahing dahilan ng mga kalahok sa pagpili ng unibersidad ay sa pagiging abot-kaya nito. Binanggit din sa kanilang pag-aaral na ayon kina Belecina at Ocampo (2017); Gines (2014) ipinapahayag ng datos na ang unibersidad ay tapat sa kanyang mandato sa pagbibigay ng kalidad na edukasyon sa mga mahihirap ngunit karapat-dapat na mga mag-aaral. Ang ekonomiya ang pangunahing dahilan ng pagpili ng partikular na institusyong pag-aaralan.

**Part 3: Pagsasanay at paunang pag-aaral na dinaluhan ng mga tagatugon pagkatapos ng kolehiyo**
**Talahanayan 6: Mga pagsasanay at paunang pag-aaral na dinaluhan**

| Mga pagsasanay at paunang pag-aaral na dinaluhan | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Language Related | 2 | 5.1% |
| Computer Related | 1 | 2.6% |
| Professional Development | 6 | 15.4% |
| Technical-Vocational | 4 | 10.3% |
| Wala | 26 | 66.7% |
| Kabuuan | 39 | 100% |

Inilalahad sa talahanayan na marami sa mga tagatugon 26 (66.7%), ang walang pagsasanay at paunang pag-aaral na dinaluhan matapos mag kolehiyo. Ipinapahiwatig sa kanilang pag-aaral na ayaw ng mga nakapagtapos na sila ay mapag-iiwanan. Ipinagpatuloy nila ang kanilang pag-aaral sa pamamagitan ng pagdalo sa mga may kaugnayan na seminar, pagsasanay at paunang pag-aaral upang mapahusay ang kanilang propesyonal na kaalaman, kasanayan at pansariling kaunlaran**.**

**Talahanayan 7: Tagal ng panahon sa pagkuha ng kredito**

| Tagal ng panahon sa pagkuha ng kredito | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Dalawang araw | 1 | 2.6% |
| Limang araw | 2 | 5.1% |
| Siyam napu't anim na oras | 1 | 2.6% |
| Anim na buwan | 2 | 5.1% |
| Sampung buwan | 1 | 2.6% |
| Dalawang taon | 1 | 2.6% |
| Tatlong taon | 2 | 5.1% |
| Apat na taon | 1 | 2.6% |
| Mas piniling hindi sabihin | 1 | 2.6% |
| Wala | 27 | 69.2% |
| **Kreditong nakuha** | | |
| Mas piniling hindi sabihin | 39 | 100% |

Ipinapahayag sa talahanayan na marami ang walang nakuha 27 (69.2%) sa tagal ng panahon ng pagkuha ng kredito. Lahat naman ng mga tagatugon 39 (100%) ang mas piniling hindi sabihin ang kreditong kanilang nakuha sa seminar, nagpapahiwatig ito ng pag-iingat sa pagbabahagi nila ng mga personal na impormasyon.

Ayon naman sa resulta ng pag-aaral nina Peña et al. (2022) bagama't maganda ang naging resulta, ang mga alumni ay kinakailangan pa ring sumali sa iba't ibang seminar at pagsasanay na mga internasyonal.

Sa pagkuha ng mga kredito, makikita na mahalaga ito upang maipatuloy ang propesyonal na pag-unlad ng mga nakapagtapos. Ang hindi pagkuha ng kredito sa karamihan ng mga respondente ay isang indikasyon ng mga posibleng

hadlang sa pagkuha nito. Marahil mas piniling hindi sabihin ng lahat ng mga raespondente ang kreditong kanilang nakuha dahil ang mga ito ay walang ugnayan sa kanilang kursong napagtapusan na kung saan ay nagpapahiwatig na ang mga ito ay hindi gaanong makakatulong sa kanilang propesyonal na pag-unlad.

**Talahanayan 8: Pangalan ng Pagsasanay ng Institusyon/Kolehiyo/Unibersidad**

| Pangalan ng Pagsasanay ng Institusyon/Kolehiyo/Unibersidad | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| ALC Inc. | 1 | 2.6% |
| AIS | 1 | 2.6% |
| BC | 1 | 2.6% |
| CNHS | 1 | 2.6% |
| CTU | 1 | 2.6% |
| H. E | 1 | 2.6% |
| Institution M | 2 | 5.1% |
| PEAC | 1 | 2.6% |
| PGV | 1 | 2.6% |
| SJAS Inc. | 1 | 2.6% |
| University S | 1 | 2.6% |
| TNHS | 1 | 2.6% |
| UCP | 1 | 2.6% |
| Mas piniling hindi sabihin | 2 | 5.1% |
| None | 23 | 59% |

Isinasaad naman ng talahanayan na marami sa mga tumugon ay may mababang porsyento sa pangalan ng kanilang pagsasanay mula sa mga institusyon tulad ng ALC Inc., AIS, BC, CNHS, at iba pa na may 2.6% bawat isa. Ipinapakita na kakaunti lamang ang pumili ng mga partikular na institusyon para sa pagsasanay ng mga tagatugon. Samantalang makikita naman na parehong may 5.1%. ang Institution M at ang tumugon sa mas piniling hindi sabihin lamang ang may bahagyang mataas na bilang ng mga tagatugon. Karamihan naman sa tumugon (5.1%) ang pinili na huwag ibahagi kung saan sila nagsanay, marahil dahil gusto nilang panatilihin itong pribado.

Isinasaad din sa talahanayan na marami naman ang tumugon na wala 23 (59%) sa pangalan ng pagsasanay ng institusyon na nagpapakita ng isang puwang sa sistema ng edukasyon at trabaho, na maaaring mangailangan ng mga programang pang-edukasyon na mas accessible sa lahat. Marahil kadalasan din sa mga tagatugon ay hindi prayoridad ang mga paunang pag-aaral kaya itinuloy lamang nilang mag trabaho.

**Talahanayan 9: Mga rason para ipagpatuloy ang mga paunang pag-aaral**

| Mga dahilan para ipagpatuloy ang mga paunang pag-aaral | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Para sa promosyon | 7 | 17.9% |
| Para sa mga propesyonal na pag-unlad | 28 | 71.8% |
| Mas piniling hindi sabihin | 9 | 23.1% |

**Multiple Response*

Ipinapakita sa talahanayan na ang dahilan para ipagpatuloy ang mga paunang pag-aaral ang para sa promosyon, 7 (17.9%) ang nakakuha ng pinakamababang tagatugon. Bagaman mas mababa ang porsyento ng tugon, nagpapakita pa rin ito ng kahalagahan ng mga paunang pag-aaral para sa kanilang karera. Marahil ang mga tagatugon ay naghahangad ng mas mataas na posisyon ay nagpapakita ito ng karagdagang edukasyon na maaaring magbigay sa kanila ng pag-uswag sa kanilang mga karera.

Ipinapakita rin na maraming tugon ang para sa mga propesyonal na pag-unlad 28 (71.8%). Naglalahad ito ng malakas

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 3, ISSUE NO. 9


na pagkilala ng mga tagatugon sa kahalagahan ng patuloy na edukasyon upang mapahusay ang kanilang mga kasanayan at kaalaman.

Ayon pa sa resulta sa pag-aaral nina Peña et al. (2022), ang pagpapaunlad sa propesyonal na edukasyon ay nakatulong sa pagtiyak sa dekalidad na kasanayan at naiaayon sa pag-eensayo ng mga bagong nagsipagtapos. Sa kabuuan ang dahilan ng pagpapatuloy ng advance study sa pag-aara ay nagpapakita ng maraming benepisyo sa kaunlaran ng pansariling propesyon at promosyon, ito ay makakatulong rin sa pagpapadami ng koneksyon sa edukasyon, makakakuha ka din ng mas malaking sahod at mapapaunlad rin nito ang kasanayan at kaalaman.

**Part 4: Kalagayan ng kakayahang makapagtrabaho**
**Talahanayan 10: Kalagayan ng kakayahang makapagtrabaho**

| Kasalukuyang nagtatrabaho | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Oo | 36 | 92.3% |
| Hindi | 3 | 7.7% |
| Hindi nakapagtrabaho | 0 | 0% |
| **Mga rason ng hindi pa pagtrabaho** | | |
| Pag-unlad o karagdagang pag-aaral | 14 | 35.9% |
| Nag-aalala ang pamilya at nagpasya na huwag maghanap ng trabaho | 3 | 7.7% |
| Mga dahilan na may kaugnayan sa kalusugan | 0 | 0% |
| Kakulangan ng karanasan sa trabaho | 2 | 5.1% |
| Walang opurtunidad sa trabaho | 1 | 2.6% |
| Hindi naghahanap ng trabaho | 0 | 0% |
| Mas Piniling Hindi Sabihin | 19 | 51.3% |
| **Kasalukuyang estado sa trabaho** | | |
| Regular o Permanent | 25 | 64.1% |
| Temporaryo | 6 | 15.4% |
| Kaswal | 0 | 0% |
| Contructual | 5 | 12.8% |
| Self-employed | 2 | 5.1% |
| Mas Piniling Hindi Sabihin | 1 | 5.1% |
| **Kasalukuyang Trabaho** | | |
| Teaching | 21 | 53.8% |
| Admin | 1 | 2.6% |
| Pharmacy | 1 | 2.6% |
| Business Owners | 3 | 7.7% |
| BPO Industry | 2 | 5.1% |
| Accounting | 1 | 2.6% |
| Kahera sa karenderia | 1 | 2.6% |
| Book Scanning | 3 | 7.7% |
| Private Employee | 1 | 2.6% |
| Kids Attendant | 1 | 2.6% |
| Mas Piniling Hindi Sabihin | 1 | 2.6% |
| Wala | 3 | 7.7% |

Makikita sa talahanayan na ito na karamihan sa mga tagatugon ay kasalukuyang nagtatrabaho 36 (92.3%) at 3 (7.7%) ang walang trabaho. Samantala ang mga dahilan ng hindi pa pagtrabaho matapos ang kolehiyo ay mas piniling hindi sabihin 20 (51.3%). Sa kasalukuyang estado sa trabaho naman ay marami ang regular o permanente 25 (64.1%) ang posisyon. Isinasaad rin na ang trabaho ng karamihan sa mga tagatugon ay nakahanay sa pagtuturo 21 (53.8%).

Ang datos na ito ay sinusuportahan ni Reusia et al. (2021) na binanggit niy sa kanyang pag-aaral na ayon kina Salendab at Sanchez (2023) na marami sa mga nakapagtapos ang may trabaho kaysa walang trabaho. Nabanggit rin sa nasabing pag-aaral na ang resulta ay naaayon din nina Cornillez et al. (2021) na kung saan ibinunyag dito na halos lahat na nakapagtapos sa programang edukasyon ay nagtataglay ng permanenteng posisyon sa gobyerno. Ayon pa kay Pentang et al. (2022) marami ang nakapagtapos sa programang edukasyon ay nakapagtrabaho bilang propesyonal. Ayon pa rin sa kanya, ang mga nakapagtapos ay nagtatrabaho sa larangan na may kaugnayan sa larangan ng kanilang pag-aaral. Dagdag pa niya, habang kumukuha ng propesyonal na lisensya na kinakailangan para magturo sa bawat institusyon, ang natitirang mga nagtapos ay nagtatrabaho sa mga hindi binabayarang posisyon.

**Talahanayan 11: Pangunahing linya ng negosyo ng kumpanyang kasalukuyan na pinagtatrabahuan**

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 3, ISSUE NO. 9


| Pangunahing linya ng negosyo ng kumpanya | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Agrikultura, Pangangaso at panggugubat | 0 | 0% |
| Palaisdaan | 0 | |
| Pagmimina at quarry | 0 | |
| Pagmamanupaktura | 3 | 7.7% |
| Elektrisidad, Gas at Suplay sa tubig | 0 | 0% |
| Konstruksyon | 1 | 2.6% |
| Pakyawan at tingian na kalakalan, pag-ayos ng mga sasakyan, motorsiklo at personal na mga gamit sa bahay | 2 | 5.1% |
| Mga hotel at restawran | 3 | 7.7% |
| Imbakan ng transportasyon at komunikasyon | 3 | 7.7% |
| Pagpanag-iya sa Pinansiyal | 1 | 2.6% |
| Real Estate, pag-upa at mga gawain pang-negosyo | 1 | 2.6% |
| Pampublikong pangangasiwa at Depensa; Sapilitang panlipunang seguridad | 0 | 0% |
| Edukasyon | 24 | 61.5% |
| Kalusugan at gawaing panlipunan | 0 | |
| Iba pang gawain sa komunidad, panlipunan at personal na serbisyo | 4 | 10.3% |
| Pribadong sambahayan na may mga taong may trabaho | 1 | 2.6% |
| Mga organisasyon at katawan ng extra-teritoryal | 0 | 0% |

**Multiple Response*

Ipinapahiwatig sa talahanayan na karamihan sa pangunahing linya ng negosyo ng kumpanyang kasalukuyan na pinagtatrabahuan ng mga tagatugon ay edukasyon 24 (61.5%). Nangangahulugan na nagamit ng mga nagtapos ng Batsilyer sa Edukasyon ng Filipino ang kanilang napag-aralan. Dagdag pa nito, masasabi na may kakayahan ang mga nakapagtapos ng Batsilyer sa Edukasyon ng Filipino na makipagsabayan sa larangan ng pagtuturo.

Ayon pa sa resulta sa pag-aaral ni Bernova (2020), ang pamumuhunan sa edukasyon ay nagiging isang kumikitang negosyo at kontribusyon sa pag-unlad at paglago na ito naman ay kapaki-pakinabang sa lahat. Ang populasyon ay nakakakuha ng access sa libreng pagsasanay, mga mapagkukunang pang-edukasyon, mga paaralan at mga sentro ng pagsasanay, ang negosyo ay nakakakuha ng mga kwalipikado at lubos na produktibong manggagawa na nagdudulot ng pag-unlad, ang mga pamahalaan ay nakikinabang. Ang iba pang benepisyo para sa mga pamahalaan ay nagmumula sa mas mataas na kita sa buwis, dahil ang mas malaking produktibidad ay humahantong sa mas mataas na produksyon at kita at mas mataas na pagbabayad ng buwis sa korporasyon.

**Talahanayan 12: Lugar ng kasalukuyang pinagtatrabahuan, unang trabaho matapos ang kolehiyo, at rason**

| Lugar ng kasalukuyang pinagtatrabahuan | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Lokal | 36 | 92.3% |
| Abroad | 3 | 7.7% |
| **Kasalukuyang trabaho bilang unang trabaho matapos ang kolehiyo** | | |
| Oo | 12 | 30.8% |
| Hindi | 27 | 69.2% |
| **Rason sa pagpanatili o pagpalit ng trabaho** | | |
| Mga sweldo at mga benepisyo | 26 | 66.7% |
| Hamon sa karera | 17 | 43.6% |
| Nauugnay sa iyong espesyal na kasanayan | 12 | 30.8% |
| May kaugnayan sa iyong kurso o programa na pinag-aralan | 15 | 38.5% |
| Malapit sa bahay | 9 | 23.1% |
| Impluwensiya ng mga kaibigan | 3 | 7.7% |
| Impluwensiya ng pamilya | 1 | 2.6% |
| Mas piniling hindi sabihin | 4 | 10.3% |

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 3, ISSUE NO. 9


**sa pagpapanatili ng trabaho**

Ipinapakita sa talahanayan na ito na karamihan sa mga respondente sa lugar ng kanilang kasalukuyang pinagtatrabahuan ay lokal 36 (92. 3%) at 3 (7.7%) naman ang nagtatrabaho sa abroad. Ito ay pinapatotohanan ni Lacala et al. (2023) na binanggit sa pag-aaral nina Salendab at Sanchez (2023) na kung saan ay isinasaad niya na marami sa mga nagtapos ay nagtatrabaho sa loob ng bansa at ang ilan naman ay sumubok na magtrabaho sa labas ng Pilipinas.

Marami naman ang tumugon ng hindi 27 (69.2%) sa kasalukuyang trabaho bilang unang trabaho matapos ang kolehiyo. Ipinapakita na marahil ang mga nakapagtapos ay nagtatrabaho habang nag-aaral. May 12 (30.8%) naman ang sumagot ng oo. Mga sweldo at mga benepisyo 26 (66.7%) naman ang dahilan ng nakararami kung bakit nanatili o nagpalit sila ng trabaho.

Ito ay sinusuportahan sa pag-aaral nina Cuadra et al. (2019), na kung saan ang kanilang kasalukuyang trabaho ay hindi unang trabaho matapos ang kolehiyo. Ito ay kabaliktaran naman sa pag-aaral nina Aquino et al. (2015) na binanggit sa pag-aaral nina Cuadra et al. (2019) na kung saan ang kasalukuyang trabaho ng mga tagatugon ay ang kanilang unang trabaho.

**Talahanayan 13: Ugnayan ng unang trabaho at kurso, rason sa pagtanggap at pagpapalit trabaho**

| Pagkakaugnay ng unang trabaho at kurso | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Oo | 18 | 46.2% |
| Hindi | 21 | 53.8% |
| **Rason sa pagtanggap ng trabaho** | | |
| Mga sweldo at mga benepisyo | 29 | 74.4% |
| Hamon sa karera | 25 | 64.1% |
| Nauugnay sa iyong espesyal na kasanayan | 13 | 33.3% |
| Malapit sa bahay | 10 | 25.6% |
| Mas piniling hindi sabihin | 3 | 7.7% |
| **Multiple Response* | | |
| **Rason sa pagpapalit ng trabaho** | | |
| Mga sweldo at mga benepisyo | 22 | 56.4% |
| Hamon sa karera | 20 | 51.3% |
| Nauugnay sa iyong espesyal na kasanayan | 7 | 17.9% |
| Malapit sa bahay | 6 | 15.4% |
| Mas piniling hindi sabihin | 8 | 20.5% |

**Multiple Response*

Isinasaad sa talahanayan na marami ang sumagot ng hindi 21 (53.8%) sa pagkakaugnay ng trabaho at kurso. Mga sweldo at mga benepisyo 29 (74.4%) naman ang dahilan ng nakararami kung bakit nila tinanggap ang kanilang trabaho. Sa rason sa pagpapalit ng trabaho naman ay marami rin ang tumugon sa mga sweldo at mga benepisyo 22 (56.4%). Ito ay magkatulad sa resulta ng pag-aaral nina Cornillez et al. (2021), na kung saan mga sweldo at benepisyo rin ang rason sa pagpapalit ng kanilang trabaho.

Ang pinakamaliit ay ang malapit sa bahay na may 6 (15.4%) ito naman ang rason ng anim na sumagot sa sarbey dahil mas malapit ito sa mismomg bahay ng mga nakapagtapos.

**Talahanayan 14: Tagal ng panahon sa pagpapanatili, paraan ng paghahanap at ginugol sa pagsisiguro ng unang trabaho**

| Tagal ng panahon sa pagpapanatili sa unang trabaho | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Wala pang isang buwan | 2 | 5.1% |
| Isang buwan hanggang anim na buwan | 11 | 28.2% |
| Pitong buwan hanggang labing-isang buwan | 4 | 10.3% |
| 1 taon hanggang mas mababa sa 2 taon | 10 | 25.6% |
| 2 taon hanggang mas mababa sa 3 taon | 4 | 10.3% |
| 3 taon hanggang mas mababa sa 4 taon | 8 | 20.5 |
| Mas piniling hindi sabihin | 2 | 5.1% |
| **Paraan ng paghahanap ng unang trabaho** | | |
| Tumugon sa isang patalastas | 1 | 2.6% |
| Bilang isang walk in na aplikante | 21 | 53.8% |
| May nagrekomenda | 10 | 25.6% |
| Impormasyon mula sa mga kaibigan | 5 | 12.8% |
| Inayos ng job placement officer ng paaralan | 2 | 5.1% |
| Negosyo ng pamilya | 1 | 2.6% |
| Job Fair o Public Employment Service Office (PESO) | 1 | 2.6% |
| Mas piniling hindi sabihin | 1 | 2.6% |
| **Tagal ng panahon na ginugol sa pagsisiguro ng unang trabaho** | | |
| Wala pang isang buwan | 16 | 41% |
| Isang buwan hanggang anim na buwan | 11 | 28.2% |
| Pitong buwan hanggang labing-isang buwan | 0 | 0% |
| 1 taon hanggang mas mababa sa 2 taon | 6 | 15.4% |
| 2 taon hanggang mas mababa sa 3 taon | 1 | 2.6% |
| 3 taon hanggang mas mababa sa 4 taon | 3 | 7.7% |
| Mas piniling hindi sabihin | 2 | 5.1% |

Inilalahad sa talahanayan na isang buwan hanggang anim na buwan, 11 (28.2%) ang tagal ng panahon sa pagpapanatili sa unang trabaho ng karamihan sa mga tagatugon. Sa sumagot sa tanong, 21 (53.8%) ang nagsabing sila ay nag-walk in na naghanap ng trabaho. Ito ay sinusuporathan sa pag-aaral nina Pentang et al. (2022), binanggit din sa kanilang pag-aaral na ito ay sinusuportahan nina Reusia et al. (2020) at Ulanday (2021) na marami sa mga nagtapos ng edukasyon ang nakahanap sa kanilang unang trabaho dahil sila ay nag walk-in. 16 (41%), wala pang isang buwan ang panahon na ginugol na karamihan sa mga tagatugon sa pagsisiguro ng kanilang unang trabaho.

Ipinapahiwatig nito na kaya madaling panahon lang ang ginugol ng mga tagatugon sa pagsisiguro ng unang trabaho ay dahil sila ay nag walk-in sa paghahanap ng unang trabaho. Isang taon hanggang dalawang taon ang tagal ng panahon sa pagpapanatili ng tagatugon sa unang trabaho ay dahil itinuturing nila na isang tagumpay kung nakakuha sila ng trabaho sa kanilang sariling inisyatiba, nang walang tulong na natanggap mula sa iba.

**Talahanayan 15: Posisyon o lebel sa una at kasalukuyang tarabaho**

| Posisyon o lebel sa unang trabaho | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Ranggo o Clerical | 16 | 41% |
| Propesyonal, Teknikal o Supervisory | 19 | 48.7% |
| Managerial o Ehekutibo | 0 | 0% |
| Self-employed | 4 | 10.3% |
| **Posisyon o lebel sa kasalukuyang trabaho** | | |
| Ranggo o Clerical | 7 | 9% |
| Propesyonal, Teknikal o Supervisory | 27 | 69.2% |
| Managerial o Ehekutibo | 0 | 0% |
| Self-employed | 5 | 12.8% |

Makikita sa talahanayan na ang karamihan sa posisyon o lebel sa unang trabaho ay Propesyonal, Teknikal o Supervisory 19 (48.7%). Ito ay katulad sa resulta sa pag-aaral nina Cubero et al. (2019) na kung saan ang posisyon o lebel sa unang

trabaho ng mga tagatugon ay propesyunal, teknikal o supervisory. Ayon sa kanilang pag-aaral na ang kanilang mga tagatugon ay talagang may pinag-aralan at mayroong sari-saring kasanayan at karanasan.

Ang posisyong o lebel sa kasalukuyang trabaho naman ng karamihan ay Propesyonal, Teknikal o Supervisory 27 (69.2%).

Ito ay nangangahulugan na ang kanilang posisyon sa unang trabaho ay kanilang napapanatili hanggang sa kasalukuyang trabaho. Sa pagpapanatili sa posisyong propesyunal, teknikal at supervisory ng mga tagatugon, ito ay makakatulong sa pag-unlad ng sariling propesyon, paglaki ng kabuuang sahod at mahasa ang kanilang kakayahan at kaalaman.

**Talahanayan 16: Kabuuang buwanang kita sa unang trabaho**

| Kabuuang buwanang kita sa unang trabaho matapos ang kolehiyo | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Ubos sa ₱ 5,000.00 | 5 | 12.8% |
| ₱ 5,000.00 hanggang mas mababa sa ₱ 10,000.00 | 8 | 20.5% |
| ₱ 10,000.00 hanggang mas mababa sa ₱ 15,000.00 | 18 | 46.2% |
| ₱ 15,000.00 hanggang mas mababa sa ₱ 20,000.00 | 3 | 7.7% |
| ₱ 20,000.00 hanggang mas mababa sa ₱ 25,000.00 | 3 | 7.7% |
| ₱ 25,000.00 pataas | 2 | 5.1% |

Ang talahanayan ay nagsasaad na matapos ang pag-aaral sa kolehiyo ay sampung libo hanggang sa kakaunti sa labin-limang libo 18 (46.2%) ang pangunang kita kada buwan sa unang trabaho ng karamihan sa mga tagatugon. Ayon pa sa taong 2018, iniulat ng Jobstreet na ang average na suweldo para sa mga bagong nagtapos ay P19,785 at tumaas sa P22,268 noong 2019 ayon pa sa Liyab PH (2021). Ang nakakuha ng pinakamaliit na tugon sa talahayan na ito ay ang kumikita ng labing-dalawang libo hanggang labing-limang libo 2 (5.18) na ayon pa sa Philippines Salary Grade (2021) ay nakadepende ito sa lebel ng napagtapusan ng pag-aaral, responsibilidad at posisyon na napagtapusan na pag-aaral.

Nangangahulugan lamang na ang mga nakapagtapos ay nakatatanggap lamang ng mababang sahod bilang kabuuang buwanang kita sa unang trabaho matapos ang kolehiyo. Ibig sabihin maliit lamang ang kinikita ng mga tagatugon sa kanilang unang trabaho. Makikta sa talahayan 13 na ang rason sa pagpapalit ng unang trabaho ng tagatugon ay dahil sa sweldo at benepisyo, sapagkat hindi sapat ang kanilang kabuuang buwanang kinikita.

**Talahanayan 17: Ugnayan ng kurikulum at mga pamantayan na natutunan sa kolehiyo na nagamit sa unang trabaho**

| Ang kurikulum ay may kaugnayan sa unang trabaho | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Oo | 26 | 66.7% |
| Wala | 13 | 33.3% |
| **Mga pamantayan na natutunan sa kolehiyo na pinaka nagamit sa unang trabaho** | | |
| Kasanayan sa komunikasyon | 28 | 71.8% |
| Mga kasanayan sa Human Relations | 15 | 38.5% |
| Mga kasanayan sa pagnegosyo | 6 | 15.4% |
| Mga kasanayan sa teknolohiya ng impormasyon | 11 | 28.2% |
| Mga kasanayan sa paglutas ng problema | 15 | 38.5% |
| Matatas na pag-iisip | 22 | 56.4% |
| Mas piniling hindi sabihin | 5 | 12.8% |

Kasanayan sa komunikasyon 28 (71.8%) ang karamihan sa mga tugon ng mga pamantayan na natutuhan sa kolehiyo na pinaka nagamit sa kanilang mga unang trabaho. Ito ay sang-ayon kay Martin (2014) na binanggit sa pag-aaral nina

Albina at Sumagaysay (2020) ipinapahiwatig na ang komunikatibong kakayahan ay mayroong malaking maitutulong sa mga bagong nagtapos upang mapaunlad ang kanilang mga potensyal sa lipunan at trabaho. Samantalang ang nakakuha ng maliit na tugon sa talahanayan ay 5 (12.8%) na mas piniling hindi nalang sabihin ang mga pamantayan na natutunan sa kolehiyo na pinakanagamit sa kanilang unang trabaho.

**Konklusyon:**

Sa kabuuan mahalaga na makapagtapos sa pag-aaral katulad ng mga Filipino gradweyt sa Mandaue City College dahil ito ay isa sa paraan para makapaghanap ng trabaho. Nakasaad din sa resulta ng pananaliksik na kapag tracer study, mas madaling hagilapin ang mga bagong nakapagtapos kaysa sa limang (5) taon na ang nakalipas. Karamihan sa nakapagtapos na Filipino medyor ay nasa larangan ng kanilang natapos na kurso, samantalang ang iba ay pumasok sa ibang linya ng trabaho. Karamihan sa kanila ay kumuha ng karagdagang kredito para tumaas ang kanilang posisyon at mapanatili ang trabaho dahil isa ito sa nga kakailanganin para sa kanilang trabaho. Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na tugunan ang pagkukulang na hinahanap ng ekonomiya, dahil dito makikita kung ano pa ang pwedeng gawin ng isang paaralan para mabigyan ng maayos, at madagdagan ang kakayahan ng mga estudyante sa Mandaue City College. Nilalayon din ng pananaliksik na ito na punan ang mga pagkukulang ng paaralan sa kurikulum upang maging angkop ang estudyante pagkatapos nitong mag-aral sa paaralan at madaling makakuha ng trabaho. Isa rin ito sa mga hinihingi ng Commission on Higher Education sa bawat paaralan para alamin at may kopya kung saan napupunta ang mga estudyante pagkatapos ng kanilang pag-aaral sa institusyon katulad ng Mandaue City College.

**Rekomendasyon:**

Gagawa ang mga mananaliksik ng isang Facebook page para sa mga alumni na nakapagtapos ng limang taon kagaya ng taon na ginamit sa pananaliksik. Ang paraan na ito ay kung may gagawa o magpapatuloy ng tracer study sa mga gradweyt ng Filipino medyor ay hindi na sila mahirapan na hagilapin ang magiging respondente nila. Isa rin sa mga ninanais ng mga mananaliksik ay kung mayroon sana gagawa ng pananaliksik na kwantitabo at kwalitatibo na pag-aaral para mas mapaganda at maging maayos ang resulta sa nasabing paraan ng paggawa ng pananaliksik.

**Sanggunian:**

Amanonce, J. T., & Maramag, A. M. (2020). Licensure examination performance and academic achievement of teacher education graduates. International Journal of Evaluation and Research in Education, 9(3), 510. https://doi.org/10.11591/ijere.v9i3.20614

Arbis, I., Oposa, S., Teves, L., & Ederio, T. (2023). Graduate Tracer Study of Bachelor of Secondary Education (BSED) of Saint Paul University Surigao College of Teacher Education 2013-2017. *International Journal of Current Science Research and Review*, *06*(2581–8341). https://doi.org/10.47191/ijcsrr/V6-i1-20

Cornillez, E. E., Caminoc, S. R. T., Basas, B. R., Militante, B. T., & Paler, R. R. (2021). Tracer study of teacher education graduates of the Eastern Visayas State University-Tanauan Campus, Philippines. *European Journal of Education and Pedagogy*, *2*(3), 186–193. https://doi.org/10.24018/ejedu.2021.2.3.143

Palao, M. J. M., Arzaga, R. M. P., Sotta, C. C., Lañojan, L. S., & Mojica, F. J. (2022). Tracer Study of BSEd Graduates of Palawan State University, Roxas Campus from 2015 to 2019. *Asian Journal of Education and Social Studies*, 18–32. https://doi.org/10.9734/ajess/2022/v33i330792

Pentang, J., Perez, D. R., Cuanan, K. H., Recla, M. B., Dacanay, R. T., Bober, R. M., Cruz, C. E. D., Egger, S. P., Herrera, R. L., Illescas, C. M., Salmo, J. M., Bucad, M. L., Agasa, J. V., & Abaca, N. A. (2022). Tracer Study of Teacher Education Graduates of Western Philippines University - Puerto Princesa Campus: Basis for curriculum review and revision. *International Journal of Multidisciplinary*, *3*(3), 419–432. https://doi.org/10.11594/ijmaber.03.03.12

Sira, S., Valenciana, O., & Haro, G. (2023). Professional Track Technology Postgraduate Education: A Tracer Study. Journal for Educators,Teachers and Trainers, 14–3(1989 –9572). https://doi.org/10.47750/jett.2023.14.03.047